# Ang Ating Kapangyarihang Pumili

## Opsiyon A: Ano ang itinuturo sa atin ng kakayahan nating pumili tungkol sa Diyos?

Basahin ang 2 Nephi 2:14, 16 at alamin ang itinuro ni Lehi tungkol sa Diyos at sa ating kalayaang pumili.

- Ano ang natutuhan mo?
- Bakit mahalagang maunawaan na binibigyan tayo ng Diyos ng kakayahang kumilos para sa ating sarili?
- Ano ang nararamdaman mo sa pagtitiwala sa iyo ng Ama sa Langit na ikaw mismo ang pipili para sa iyong sarili?

Mag-isip ng isang halimbawa kung saan ginamit mo ang kalayaang pumili sa paraang nalugod sa iyo ang Ama sa Langit.

- Sa iyong palagay, bakit nalugod ang Diyos sa iyong pinili?

Maaaring makatulong din na pag-isipan ang anumang pagpiling ginawa mo na maaaring hindi ikinalugod ng Diyos at ang natutuhan mo mula sa mga iyon.

## Opsiyon B: Ano ang ibinigay sa atin ng Diyos upang tulungan tayong pumili nang matalino?

Basahin ang 2 Nephi 2:5, 13 at Moroni 7:16 at hanapin ang mga sumusunod na katotohanan. Pansinin na ang "batas" ay tumutukoy sa mga kautusan ng Diyos.

> Kailangan nating malaman ang mabuti sa masama upang lubos na magamit ang ating kalayaang pumili.
>
> Kailangang mayroon tayong batas upang magkaroon ng kalayaang pumili.


- Ano ang natutuhan mo tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo mula sa katotohanan na binibigyan Nila ang lahat ng tao ng sapat na kaalaman tungkol sa mabuti at masama upang mapili nila kung nais nila na maging mabuti o masama?
- Ano ang mangyayari kung walang batas o mga kautusan?

## Opsiyon C: Bakit nakadarama tayo ng oposisyon sa ating mabubuting pagpili?

Basahin ang 2 Nephi 2:11, 16, at alamin ang mga karagdagang katotohanan na itinuro ni Lehi tungkol sa kalayaang pumili.

- Ano ang nalaman mo?
- Sa plano ng Ama sa Langit, sa iyong palagay, bakit mahalagang aspeto ng kalayaang pumili ang oposisyon?
- Sa anong mga paraan tayo nahihimok na pumili ng tama at mali?

Upang matulungan ka na mas maunawaan ang katotohanang ito, basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol:



> Ang mga anak ng Diyos sa premortal na buhay ay hindi maaaring maging katulad niya . . . maliban kung nagkaroon sila ng . . . karanasan sa lugar kung saan naroon kapwa ang mabuti at masama. . . .
>
> . . . Gusto nating magkaroon ng pagkakataong . . . harapin ang mabuti at masama at maging sapat na malakas para piliin ang mabuti. (Jeffrey R. Holland, *Christ and the New Covenant: The Messianic Message of the Book of Mormon* [1997], 200, 204)

Mag-isip ng mga paraan na natututo kang pumili ng mabuti, kahit tinutukso ka ng masama. Maaari mong isulat sa iyong study journal ang mga naisip mo. Maaari mo ring pag-isipan ang mga paraan na maaari kang humingi ng tulong sa anumang desisyong gusto mong baguhin.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved.

PD60013873_893_072-teacher_handout-1